JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Masunod sa Iksaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 4

# Edukasyon sa Pagpapkatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4:
## Ligaw Man, Pangalagaan at Mahalin



**Pangalan ng Mag-aaral:**______________________________

**Baitang at Seksyon:**________________________________

**Paaralan:**________________________________



## Alamin

Ang pagkalinga ay hindi lamang naipakikita sa mga tao.Ito ay maaring ipakita rin sa ibang nilikha tulad ng mga hayop.

Pagkalinga sa mga hayop na ligaw at endangered.

Sa modyul na ito ikaw ay inaasahan na:

1. Nalalaman ang wastong pagkalinga sa mga hayop na ligaw at endangered.
2. Napapahalagahan ang mga hayop na ligaw at endangered.

**Kasanayan sa Pampagkatuto**

(EsP4D-IVd-11)



## Subukin

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat pahayag isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. Ano ang ibinibigay ng mga hayop sa atin?

   A. karne B. tinapay C. bulaklak D. kagamitan

2. Bakit kailangang alagaan ang ating mga alagang hayop?

   A. Upang hindi sila magkasakit
   B. Dahil karapatan nang bawat hayop ang alagaan at mahalin
   C. Sila ay biyaya na bigay ng Maykapal kaya dapat silang bigyan ng atensiyon.
   D. Lahat ng nabanggit

3. Saan dapat dalhin ang mga alagang hayop kapag sila ay maysakit?

   A. hilot B. Beterinaryo C. Dentist D.Nars

4. Ano ang kontribusyon nang ating alagang aso?

A. Proteksiyon laban sa mga masasamang tao.

B. Wala lang tutulog –tulog lang ang mga aso.

C. Wala akong paki wala naman akong alaga.

D. Para awayin at pag laruan ang mga pusa.

5. Ano ang posibleng dahilan kung bakit nanganganib ang mga hayop?

A. Dahil sa pangangaso at pangangalakal.
B. Umaalis sila dahil ayaw nila sa mainit na lugar.
C. Ayaw nila sa mga mabaho at maduming paligid.
D.Gusto nilang mag gala-gala kahit saang lugar.

| | |
|---|---|
| Modyul **4** | "Ligaw Man, Pangalagaan at Mahalin" |



## Balikan

Gawain 1: **Ako Bay Ligaw?**

**Panuto:**( Endangered o Domestic) Piliin mula sa kahon sa ibaba kung ito ba ay hayop na ligaw (endangered) o ( domestic) makikita sa bakuran ng bahay at pwedeng gawing alaga isulat sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| Butanding | kabayo |
| Pawikan | baka |
| Agila | kambing |
| Aso | pond turtle |
| Pusa | tarsier |

*ENDANGERED:*

1.______________
2. ______________
3.______________
4. ______________
5.______________

*DOMESTIC:*

1. ________________
2.________________
3. ________________
4.________________
5.________________



## Tuklasin

**Panuto:** Basahin ang kwento:

### “Patong  Ligaw”

Papuntang bukirin, araw ng sabado ang mag anak,habang nasa may sapa na, ay nakarinig ang magkapatid na NoyNoy at Poypoy ng humahagibis na ingay ng mga pak- pak, sa may bandang gilid ng malaking bato. Dali –dali silang nagsitakbuhan palapit dito nang laking gulat nila na may isang napagandang kulay puting pato, at nakahandusay sa may nakausling kahoy.”Kuya Noy ito ay may sugat sa may parteng paa” ang sabi ng nakababatang si PoyPoy.” Kawawa naman, tulungan natin, tanggalin natin Poy ang pagkabuhol ng tali at pakawalan natin itong pato para ito ay mangitlog pa at dumami ang ganitong ligaw na pato. Anong ibig sabihin ng patong ligaw kuya? Ang ligaw Poy ay nangangahulugang dito lang sa bukid o yong mga wild animals walang nag mamay ari sa kanila sila ay pagala gala lamang dito sa kabukiran o yong mga maiilap. Ano naman yong endangered na kuya? Endangered ay nangahuhulgang malapit ng maubos o nanganganib ng maubos ang lahi,kaya dapat hindi sila hulihin o patayin .Hindi lang ang ganitong uri nang hayop , tulad halimbawa sa usa,buwaya, pawikan, agila ,tarsier, at marami pang iba.Ahhh! ganun ba kuya? Kaya

dapat Poy isabi mo din sa mga kakilala o mga kaibigan mo na hindi dapat hulihin ang mga hayop na ligaw at endangered.Opo kuya! ang sabi ng nakababatang kapatid. Halika na! hanap na tayo nina Mama at Papa,at dali daling silang nagpunta sa kanilang mga magulang.

Sagutin ang mga tanong sa sagutag papel.

1.Nagustuhan mo ba ang kwento?Bakit?

________________________________________________

________________________________________________

2.Sa palagay mo dapat bang tularan ang ginawa ng magkapatid?Bakit?

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

3.Ano ang aral na makukuha sa kwento?

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________



## Suriin

**Tandaan:**

Nakapunta ka na ba sa zoo? Masaya bang tingnan ang iba't ibang uri ng hayop? Ang zoo ay isang lugar kung saan ay pinangangalagaan ang mga iba't ibang hayop.May mahalagang parte din silang ginagampanan upang mailigtas ang mga endangered animal na mawala o malipol.

Ano ang mga endangered animal? Ano ang ibig sabihin ng mawala o malipol?

Kapag sinabi nating endangered animal, tinutukoy nito ang mga hayop na malapit nang mawala.Ibig sabihin, kapag ang mga natititrang hayop ay namatay,hindi na sila muling makikita sa mundo.Mawawala na sila magpakailanman,Mawawala ang mga hayop kapag ang huling uri ay namatay.

Maraming mga dahilan upang malagay sa panganib o di kaya'y malipol ang mga hayop. Libo libong mga hayop ang nalilipol bawat taon.Kung gayon, kinakailangan ang pangangalaga sa mga hayop(animal conservation).Nangangahulugan ito ng pag-iingat at protekta sa mga hayop,lalo na sa mga nanganganib.Tulad ng mga tao,may pangangailangan din ang mga hayop.Kailangan nila ng tamang pag-aaruga at pangangasiwa.Kailangang iwasan ang pagmamalupit sa mga hayop sa anumang paraan.

Ang pagkalinga sa hayop ay isa sa magandang katangian nating mga Pilipino. Sa pamamagitan nito ay ipinapakita natin ang ating pagmamahal sa Diyos sapagkat kabilang ito sa Kaniyang mga nilikha.

Ang Republic Act No. 8485, na mas kilala bilang "Animal Welfare Act of 1988" ang unang batas na komprehensibong nagtadhana sa tama at maayos na pangangalaga ng mga mamamayan sa lahat ng hayop sa Pilipinas.Binuo ng batas na ito ang Committee on Animal Welfare na siyang mamumuno sa pagpapatupad sa batas.

Sinasabi ng batas na dapat mabigyan ang lahat ng hayop ng wastong pangngalaga, at maaaring maparusahan ang sinumang mapapatunayang lumalabag dito.

Sa Seksiyon 6 ng batas, ipinagbabawal ang pagmaltrato at pananakit sa mga hayop.Ipinasa rin sa bahaging ito ng batas na hindi maaaring pumatay ng hayop, maliban sa mga hayop na kinakain tulad ng baka, kalabaw, baboy, kambing, tupa, manok, at iba pang poultry,

Isang paglabag sa batas ang pagpatay sa mga hayop na hindi nabanggit liban na lamang kung ito ay dahil sa ritwalng isang relihiyon, malubhang sakit ng hayop,at pagsupil sa hayop kung nasa bingit ng panganib ang hayop o mga taong malapit dito.


Itinuturing na isang landmark law ang Animal Welfare Act dahil ito ang unang kumilala na paglabag sa batas ang kalupitan sa hayop.



## Pagyamanin

Gawain 2. **Paano ako alagaan?**

**Panuto:** Pumili ng isa sa mga endangered na hayop at ilista ang mga paraan sa maayos na pag –aaruga nito.Isulat sa sagutang papel.




---



# Isaisip

Gawain 3: **Tama ba Ako?**

Panuto: Isulatsa sagutang papel ang **Tama** kung ang pahayag ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa pangangalaga sa hayop , **Mali** naman kung hindi.

__________1. Nangangailangan ng pagmamahal at atensyon ang mga hayop.

__________2. Dinala ng mga Boy Scouts ang nakita nilang agila sa Animal Welfare Committee.

__________3. Kailangang dalhin at gamutin ng mga beterinaryo ang mga may sakit na hayop.

__________4. Tinulungan ng mga girl scouts ang nanganganib na pusa.

__________5. Ang zoo  ang nagbibigay pabahay sa iba't ibang uri ng hayop.

__________6.Paghuhuli ng baboy-ramo sa kagubatan upang patayin.

__________7.Pagtirador sa ibong agila na nakikitang nakadapo sa punong kahoy.

__________8.Paghuhuli sa usa upang kunin ang sungay at ibenta ito.

__________9. Pagdadala ng sawa sa Manila Zoo upang doon alagaan.

_________10.Iwasan ang paggamit ng pesticides upang hindi malason ang mga hayop na makalanghap nito.



# Isagawa

Gawain 4 **Saan ako karapat dapat?**

Panuto: Punan ang patlang sa pamamagitan ngpagpili ng tamang kasagutang naayun sa pangungusap.Isulat sa sagutang papel.

1. Nangangailangan ang mga hayop ng( atensiyon, pagtakwil, pagpapabaya) at pag aruga mula sa atin.
2. Kinakailangang malinis at ligtas mula sa panganib ang kanilang mga ( sakit, tirahan, pagkain).
3. Ang( pagmamalupit,  pagmamahal,  debosyon) sa hayop ay nangangahulugang brutal at masamang pakikitungo sa mga hayop.
4. Isang mikrobyo ang(lason, rabis,  sakit) na naikakalat sa pamamagitan ng kagat ng isang hayop na may rabis.
5. Ang (pabula, kanta, tula) ay isang kwento kung saan ang mga hayop ang tauhan.



# Tayahin

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap.Piliin ang titik ng tamang sagot, Isulat ito sa sagutang papel.

_____1. Bakit kinakailangang bigyan ang mga hayop ng sapat na atensiyon, pagkain at tubig?

A. Dahil tulad din sila ng mga tao na dapat arugain at mahalin.

B. Pwede silang maging mabangis at katatakutan ng mga tao.

C. Kakatayin sila para gawing pampulutan

D. Magiging sakitin sila

_____2. Paano mo maipakita o maipaparamdam ang iyong pagmamahal sa iyong alagang aso?

A. Sisipain

B  Arugain

C.di pakainin

D. hayaan lang.

_____3. Ano ang dahilan kung bakit paubos na o nanganganib na maubos ang endangered animal na *Philippine Eagle* (Agila)?

A. Dahil sa gawa ng mga tao, hihuli ito at  kunukulong.

B. Dahil di nila gusto dito sa Pilipinas tumira.

C. Wala naman talagang Agila ang Pilipinas.

D. Lumilipad lang sila na walang pinatutunguhan.

_____4. Gustong gusto ng iyong kapatid na hulihin ninyo ang nakita ninyong magandang ibon sa bukid.

Ano ang gagawin mo?

A. Sabihan ko ang aking kapatid na hindi pwede dagpin ang ibon.

B. Papatulong kami kay papa sa pagdakip sa magandang ibon.

C. Babatuhin naming ang ibon pagkatapos lulutuin nain ito.

D. Gagawa kami ng mga patibong para mahuli ang ibon.

_____5. Paano mo matutulungan ang inyong kapit-bahay na may alagang aso, at ito ay hindi pa napabakunahan ng anti- rabis?

A. wala akong pakialam sa aking mga kapitbahay.

B. Sasabihan ko po na mayroong libreng pabakuna sa aming Munisipyo

C. sabihan ko na ipakatay na lang ang kanyang alaga at gawing pulutan.

D. Ipamigay nalang ang kanyang alaga sa sinong may gusto nito.



# Karagdagang Gawain

Gawain 5: **Sino ang Masaya?**

Panuto: Iguhit ang masayang mukha ☺ kung ang isinasaad ng pangungusap ay nagpapakita ng pangangalaga at pag aaruga sa hayop at malungkot na mukha ☹ naman kung hindi ito nagpapakita. Iguhit ito sa sagutang papel.

______1. Kailangang gamutin ng Beterinaryo ang mga may sakit na hayop.

_____2. Hahampasin ko ng kahoy ang pusa ng aming kapit-bahay.

_____3.Hindi ko pakakainin ang mga alagang baboy ni nanay.

_____4. Nangangailangan ng atensiyon, at sapat na pagkain ang ating mga alagang hayop

_____5. Bilang isang tapat na scout gagawin ko ang pag aaruga at pagmamahal sa kahit anong hayop sa aking paligid.

Gawain 6: **Saan ako Kabilang?**

**Panuto:** Iguhit sa sagutang papel ang hugis puso  kung ang sumusunod ay tungkol sa pangangalaga ng mga hayop hugis bilog  kung hindi.

_______ 1.Dapat sagipin ang asong gala.

_______ 2.Mabuti ang panghuhuli ng unggoy sa gubat.


_______ 3.Paglilinis ng palikuran ng baboy araw-araw.

_______ 4. Gawin ang iyong bahay na wildlife friendly.

_______ 5.Iulat o i-report ang anumang panggigipit o pagbaril ng endangered animals.

Gawain 7: **Punan mo ako**

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang endangered animals na makikita dito sa Pilipinas.




# Sanggunian

Felamer E. Abac, et al., Edukasyon sa Pagpapakatao kagamitan ng Mag-aaral Unang Edisyon 2015, 348-350.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rufina E. Clavejo
**Cayamcam Elem.** School

Editor: Xilca H. Celicious

Tagasuri: Feby Ivan A. Segualan Rynard Mangubat
Mona Lisa M. Babiera, Ed.D- *EPS*

Tagalapat: Mark Lester L. Abellana

Tagapamahala:
Evelyn F. Importante
*OIC-CID Chief EPS*
Aurelio A. Santisas
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*
Jerry C. Bokingkito
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*
Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
*OIC-Schools Division Superintendent*